KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-187

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN, KAGALANG-GALANG IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA PHILIPPINE NATIONAL BANK (PNB) PARA SA APLIKASYON SA PAG-UTANG (APPLICATION FOR LOAN) NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA NABANGGIT NA BANGKO SA HALAGANG ISANG DAAN AT DALAWAMPUNG MILYONG PISO (P120,000,000.00).

************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Roger C. Smith

************************************************************

SAPAGKAT, ang isang yunit ng pamahalaang lokal ay binibigyan ng karapatan na pumasok sa isang kasunduan sa pag-utang sa anumang gobyerno o domestikong pribadong bangko (Title IV, Section 297 of the Local Government Code of 1991 or R.A. 7160) para matustusan ang mga programa at proyekto nito;

SAPAGKAT, hangarin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na mahimok at maanyaya ang mga negosyante na mamuhunan at/o magbukas ng bagong negosyo at kalakalan sa Muntinlupa, sa hangarin pa rin na makapagkaloob ng hanapbuhay, karagdagang kita, at iba pang oportunidad na makapagdudulot sa pangkalahatang kagalingan, hindi lamang ng pamahalaang bayan, kungdi ng lahat ng mamamayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga pangunahing serbisyo sa mamamayan tulad ng mga proyektong inprastraktura, serbisyong pangkalusugan, pangkaayusan at katahimikan, kalinisan at sanitasyon, proteksiyong pangkapaligiran, pagbili ng lupa (na mapagtatayuan ng mga gusaling-pambayan, ospital, paaralan at liwasan), distrito ng patubig at iba pang kagalingang pambayan ay kaagad na mabibigyan ng kaganapan;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay magsasakatuparan ng pagbabayad sa loob ng tatlong (3) taon na kukunin mula sa bahaging tinatanggap nito sa Internal Revenue Allotment (IRA) at ang pagkakaroon o pagsasagawa ng Deed of Assignment para dito upang matiyak ang pagbabayad sa nabanggit na utang (loan);

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na binibigyan ng karapatan ang Punong-bayan, Kagalang-galang Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan sa Philippine National Bank (PNB) para sa aplikasyon sa pag-utang (application for loan) ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa nabanggit na bangko sa halagang Isang Daan at Dalawampung Milyong Piso (P120,000,000.00).

PINAGTIBAY NG HIGIT NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-107th regular na pulong na ginanap ngayong ika-07 ng Nobyembre, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panglulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan